# {Hindi nakipaglaban ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao kailanman hanggang sa makapag-anyaya siya sa kanila.}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Hindi nakipaglaban ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao kailanman hanggang sa makapag-anyaya siya sa kanila.}.
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Al-Bayhaqīy]

Nagpabatid ang Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagsimula sa pakikipaglaban sa mga tao hanggang sa makapag-anyaya siya muna sa kanila tungo sa Islām saka kung hindi sila tumugon sa paanyaya niya, makikipaglaban siya sa kanila.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee